Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-10 NG MARSO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. JAIME ALEXANDER T. LALUPITAN. Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Maycalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Heidi S. Ciriaco ............ Pang. Punong Bayan

KAPASIYAHAN BLG. 060-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO BIAZON, SENADOR NG BANSA NA PANGUNAHAN AT ITAGUYOD ANG PAGBILI SA MURANG HALAGA NG LUPANG PERO-KARIL NG MGA UMUUKUPA NITO SA MGA BARANGAY PAGSAWITAN, SAN PABLO SUR, BARANGAY I AT II, SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

SAPAGKA'T, ang lupang-perokaril ay matagal nang hindi ginagamit at tuwirang inabandona na ng mahabang panahon;

SAPAGKA'T, maraming maralitang mamamayan ang nangangailangan ng lupang matitirikan ng bahay upang makapamuhay naman nang may dangal;

SAPAGKA'T, ang mga kasalukuyang umuukupa ng abandonadong lupang pero-karil ay nakahandang bilhin sa murang halaga at sa pamamaraang magaan para sa kanila ang naturang lupa;

SAPAGKA'T, ang kasiguruhan sa pagmamay-ari ng lupang kinatitirikan ng kanilang mga tahanan ay mahalagang bahagi ng kaunlarang panlipunan;

SAPAGKA'T, ang mga maralitang umuukupa ng lupang pero-karil ay salat sa kapangyarihan at lakas upang tuwirang maisulong ang kanilang minimithing layunin;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Florencio C. Odejar at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na hilingin sa Kgg. Rodolfo Biazon, Senador ng Bansa na pangunahan at itaguyod ang paghahain ng panukala sa Philippine National Railways na ipagbili sa murang halaga at sa pamamaraang kayang-kaya ang lupang pero-karil na inaakupahan na ngayon ng mga maralitang mamamayan sa mga Barangay Pagsawitan, San Pablo Sur, Barangay I at II, sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Rodolfo Biazon, Batasang Pambansa, Lungsod ng Pasig; Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Sangguniang Panlalawigan at Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: W
DATE 3-15
STA. CRUZ, LAGUNA